

PRIBADONG SEKTOR: PAGSUSURING SURVEY NG SUPPLY NG PAGKAIN SA VANCOUVER

Hulyo 2020



PRIBADONG SEKTOR: PAGSUSURING SURVEY NG SUPPLY NG PAGKAIN SA VANCOUVER

Ang mga epekto ng pandemikong COVID-19 ay naramdaman sa buong mundo at nagresulta sa kakaibang mga hirap at abala sa loob ng internasyonal at lokal na supply chain ng pagkain. Ang Emergency Operations Center (EOC) ng Lungsod ng Vancouver ay nagsagawa ng survey noong Mayo 2020 ng 3,691 negosyo ng pagkain na tumatakbo sa Vancouver upang:

- Unawain ang mga epekto at paghamon ng COVID-19 sa magkakaibang negosyo ng pagkain sa Vancouver at mga supply chain nila
- Ireview ang mga suportang kailangan ng mga negosyo ng pagkain sa Vancouver at ini-assess kung alin ang matutulungan o maitataguyod ng Lungsod

Paraan ng survey

Ang survey ay naging available sa Ingles at maaaring kumpletuhin online, o sa telepono sa mga ibang wika kung inatas ng mga kontak sa negosyo. Ang mga detalye ng survey ay pinamamahagi sa pamamagitan ng:

- Pag-post sa COVID-19 webpage ng Lungsod
- Pag email sa 3,691 na negosyo ng pagkain na may lisensiya sa pamamagitan ng License Office ng Lungsod, at ibang pang nakakonekta sa network ng Lungsod
- Targeted na outreach sa telepono sa sample ng mga ethno-cultural na negosyo ng food supply chain ng Vancouver

Nakumpleto ang mga survey sa pagitan ng mga petsang Mayo 12 hanggang 31, 2020. Sa panahong iyon, ang BC ay nasa “Phase 1” at nagsisimulang pumasok sa “Phase 2” ng Provincial Restart Plan ng BC (nagsimula ang Phase 2 noong Mayo 19).¹

Ang mga resulta ng survey ay makukuha sa Tsino (Tradisyonal), Ingles, Hapon, Korean, Punjabi, Tagalog at Vietnamese; ang pinakahiniling na mga nais na wika para sa mga komunikasyon sa hinaharap. Ang ulat ay ibabahagi sa mga negosyo na nagbigay ng kanilang contact information, ang mga network ng Lungsod, at mga interesadong partido. Ang nakalap na impormasyon sa survey na ito ay irereview ng mga kawani ng Lungsod at tutulong sa patuloy na pagaabiso sa tugon ng Vancouver sa pandemiko sa mga paparating na buwan.

Mga resulta ng survey at pagsusuri

RATE NG TUGON


Ayon sa data ng License office ng Lungsod, may 3,691 na brand ng negosyo ng pagkain na tumatakbo sa Vancouver, at kinakatawan snito ang 4,195 na mga lokasyon ng negosyo ng pagkain mula Abril 30, 2020.

May kabuuang 313 na negosyo ang tumugon sa survey, sumasaklaw sa 484 na lokasyon ng negosyo (ang ilang negosyo ay may maraming lokasyon). 14 na negosyo ang tumukoy na wala silang lokasyon sa Vancouver pero maaaring magserbisyo sa mga residente o negosyo sa Vancouver. Dahil sa mahalagang tungkulin nila sa sistema ng pagkain sa Vancouver, ang mga tugon nila ay isinama sa mga resulta.


Ang Ingles ang pinakanais na wikang pangkomunikasyon para sa 82% ng mga negosyo. Sa mga ibang pangkat ng wika, ang pinakakaraniwang mga nais na wika ay Korean (6%), Mandarin (4%), at Cantonese (3%).

¹ BC's Restart Plan: <https://www2.gov.bc.ca/gov/content/safety/emergency-preparedness-response-recovery/covid-19-provincial-support/bc-restart-plan>

Graph 1: Mga sagot sa survey ayon sa klase ng negosyo (Mga kabuuang sagot = 313)



Graph 2: Rate ng sagot sa survey kumpara sa seleksiyon ng mga klase ng negosyong tumatakbo sa Vancouver



KATAYUAN NG PAGSASARA NG NEGOSYO

27% ng mga negosyo (85 na mga negosyo) ang nag-ulat na ang mga negosyo nila ay sinara sa tagal na walang nakatakdang panahon o ng pansamantala. Itinutukoy ang mga ito na mga 'saradong' negosyo sa ulat.

Inulat ng mga negosyo na nag-lay off sila ng pinagsamang kabuuan ng 3,009 na empleyado sa oras ng survey. Hindi bababa sa 88% ng mga lay-off (2,647 sa kabuuan) ay pansamantala at 12% (362 sa kabuuan) ay permanente.

Minumungkahi ng data na ang mga mas maliit na negosyo (sinukat sa bilang ng empleyado) ay mas malamang ito magsara (Graph 3). Mapapansing 40% ng mga sole proprietor na negosyo na walang empleyadong kawani ang nag-ulat ng pagkakaroon ng mga saradong negosyo.

Graph 3: Katayuan ng pagsasara ng negosyo ng pagkain ayon sa laki ng negosyo




Table 1: Mga pagsasara ng negosyo ayon sa mga sagot sa pangkat ng wikang pinaka-apektado ng pandemiko

Mga Pangkat ng Wika	Porsiyentong Sinara
Mga negosyong pinakanais ang komunikasyon sa Ingles (256 sa kabuuan)	28%
Mga negosyong nais ang komunikasyon sa Cantonese, Pranses, Hapon, Korean, Mandarin, Punjabi, Espanyol, Tagalog, Vietnamese, at mga ibang wika (57 sa kabuuan)	25%

Ang mga sumasagot sa negosyo na mas nais gamitin ang Korean at Mandarin ay mas malamang na nagsara kaysa sa ibang pangkat ng wika. Sa mga negosyong nais ang Mandarin (12 sa kabuuan) 42% ay sinara na ang 8% ay sinara nang walang nakatakdang katagalan na petsa at sa mga mas nais ang Korean na mga negosyo (20 sa kabuuan) 35% ay nakasara, lahat ay pansamantalang nakasara.

MGA ISYU SA SUPPLY CHAIN

Tinanong ang mga negosyo tungkol sa klase ng mga isyu sa supply chain na naeenkuwentro nila at saan sa supply chain ng pagkain nagaganap ang mga isyu na ito. Ang mga bukas na negosyo ay naiulat na nakakaranas ng average ng dalawang magkakaibang isyu sa supply ng pagkain tulad ng mga kakulangan, mga limitasyon sa pag-order, pagkaantala, mga hindi available na produkto, at mga surplus. Magkakaiba ang mga klase at dalas ng mga isyu na naranasan ng mga ng negosyo (Table 2).

Table 2: Mga karaniwang isyu sa supply chain ng pagkain na inulat ng mga negosyo ng pagkain

Porsiyento ng mga Bukas na Negosyong Nakakaranas ng Mga Isyu	Klase ng Isyu	Mga Karaniwang Isyu
79%	Mga isyu sa supply ng pagkain	<ul style="list-style-type: none"> Mga kakulangan (44%), Mga delay (39%), Mga limitasyon sa pag-order (39%), Mga hindi available na produkto (39%)
39%	Mga isyu sa international supply chain	<ul style="list-style-type: none"> Mga isyu sa: <ul style="list-style-type: none"> Pagkain mula sa Asya (22%), Pagkain mula sa USA (10%), Pagkain mula sa Europa (7%)
80%	Mga "bottleneck" na isyu sa supply chain	<ul style="list-style-type: none"> Sa mga Canadian Wholesaler (52%), Sa mga Grocery Retailer (26%), Sa mga Canadian Processor/Manufacturer (25%)
95%	Mga isyu sa supply sa mga partikular na klase ng pagkain	<ul style="list-style-type: none"> Karne at ibang protina ng hayop at gulay (52%), Sariwang produce (38%), Mga baked goods at pasta (25%)

MGA SURPLUS NA PAGKAIN AT SINAYANG NA PAGKAIN

Sa mga bukas na negosyo (sa kabuuan ay 218), 19% ang nag-ulat na nakaranas sila ng mga surplus ng pagkain mula ng simula ng pandemiko noong Marso. Ini-ulat na ang mga retailer ng pagkain at mga wholesaler/distributor ay mas maraming surplus ng pagkain kaysa sa ibang mga klase ng negosyo, ang 28% ng mga retailer ng pagkain at 25% ng mga wholesaler/distributor ay nag-uulat ng mga surplus.

Para iassess ang potensiyal na maidonate ang mga surplus na pagkain, ang mga negosyo ay tinanong kung nagtaguyod sila ng mga serbisyong pag-donate ng pagkain.

- Sa mga bukas na negosyong may mga surplus, 44% ay may mga nakatatag na serbisyo ng donasyon,
- Sa lahat ng mga negosyo (kasama ang mga bukas at sarado) 22% ay nagtalaga ng mga serbisyong donasyon

Tinanong ang mga negosyo kung sila ay nagko-compost o nagla-landfill ng mga pagkain nang mas higit sa karaniwan dahil sa mga isyu sa supply chain at nagbabagong asal ng kostumer na nagresulta mula sa COVID-19. Sa 200 na mga bukas na negosyo na sumagot sa tanong na ito, 35 (18%) ang tumukoy na nagko-compost sila o nagla-landfill ng mga pagkain nang mahigit sa karaniwan.

MGA SERBISYONG PAGHAHATID NG GROCERY/PAGKAIN


Mga tindahan ng grocery

8 na negosyong tindahan ng grocery na kumakatawan sa 9 na lokasyon ang sumagot sa survey; lahat ay bukas para sa magnegosyo. Sa mga negosyong tindahan ng grocery na sumagot ng mga katanungan tungkol sa pamimili ng grocery at pag-deliver (4 sa kabuuan), ang isang negosyo ang nag-aalok ng online shopping kasama ang pick-up ng kostumer at ang isang nag-aalok ng pamimili ng grocery at pag-deliver sa pamamagitan ng isang third party na serbisyo.

Mga ibang negosyo ng pagkain na bagay sa serbisyong pag-deliver

Ang mga caterer, restaurant, hotel at mga food retailer ay pinangkat para maassess ang karanasan nila sa mga serbisyong pag-deliver. Ang pangkat ng mga negosyo na ito ay tinutukoy bilang 'mga negosyo ng pagkain na bagay sa pag-deliver' sa ulat na ito. 239 na mga negosyo na bagay sa pag-deliver (kinakatawan ang 383 lokasyon) ang sumagot sa survey, kung saan ang 71% ng mga negosyo ay bukas para magnegosyo at 39% ay sarado (Graph 4). Ang data ay nagmumungkahi na ang mga negosyo na may mga serbisyo sa pag-deliver (o sa mga nagsimula ng mga serbisyo ng pag-deliver bilang tugon sa pandemya) ay maaaring maging mas matatag sa panahon ng pandemya.

Graph 4: Mga negosyo ng pagkain na bagay sa paghahatid, katayuan at serbisyo ng pag-deliver



38% (92 na negosyo) ng mga tugon sa negosyo mula sa Mga Tindahan ng Grocery, Caterer, Hotel/Motel, Restaurant at Mga Food Retailer ay nagtala na interesado sila sa webinar sa mga serbisyo ng pag-deliver.

PERSONAL PROTECTION EQUIPMENT (PPE) PARA SA MGA BUKAS NA NEGOSYO

32% ng mga bukas na negosyo (228 sa kabuuan) ay tumugon sa mga tanong tungkol sa PPE na tumutukoy na wala silang sapat na PPE para sa susunod na dalawang linggo. Ang mga na-survey na negosyo ay nagtala ng iba't ibang partikular na klase ng kakulangan (Table 3).

Table 3: Paggamit ng PPE at kakulangang inulat ng mga bukas na negosyo ng pagkain

Klase ng PPE	Porsiyento ng mga bukas na negosyo na gumamit ng bagay na ito	Porsiyento ng mga bukas na negosyo na may kakulangan ng bagay na ito
Guwantes	95%	12%
Mga Face Shield	61%	16%
Mga Mask	88%	19%
Sanitizer	96%	15%

Sa 313 mga negosyong na-survey, 72 (23%) ay tumukoy na nais nila ng tulong mula sa Lungsod ng Vancouver sa pagkuha ng PPE.

- 13% ng mga sumagot sa negosyo ay nais ng tulong sa mga mask,
- 12% sa sanitizer,
- 12% sa plexiglass

Mga karagdagang suporta na itinala ng mga negosyo

- 46% ng mga negosyo ay tumukoy na nais nila ang pansamantalang pagpapalawak ng mga patio para sa panlabas na pagkonsumo ng pagkain,
- 50% ng mga negosyo ay nagtanong kung maaaring mag-advokasya ang Lungsod sa mas mataas na pamahalaan para sa ginhawa sa upa ng negosyo

KONKLUSYON

Ang epekto ng pandemya ay walang uliran at nais ng Lungsod na palawakin ang aming taos-pusong pasasalamat sa mga negosyo ng pagkain sa kanilang pagtitiis at sa pangangalaga na kanilang ginawa upang maprotektahan at mapanatili ang mga residente at manggagawa ng Lungsod. Nais naming espesyal na pasalamatan ang mga nag-ambag ng mahalaga nilang oras at pinag-isipang konsiderasyon sa survey na ito. Ang mas mahabang internal na ulat ay ibabahagi sa mga makabuluhang departamento ng Lungsod ng Vancouver para abisuhan ang mga pagkilos ng Lungsod sakaling may pangalawang wave ng COVID-19 na impeksiyon, at bilang bahagi ng mga pagsusumikap ng Lungsod na gumaling.

Kung may anumang tanong o komento, mangyaring mag-email sa, covid-foodici_outreach@vancouver.ca .